

**Kagawaran ng Edukasyon**  
**Araling**  
**Panlipunan 9**  
**Ang Pamilihan at mga Istruktura nito**  
**Ikalawang Markahan – Ikapitong Linggo**



Gilbert R. Domiquil  
*Manunulat*

Mark Joseph C. Fernandez/ Grace B. Columbino  
*Tagasuri*

Edwin Abalos  
*Katibayan ng Kalidad*



**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City  
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Ang pamahalaan at ang mga kilos nito, ay isa lamang sa mga salik na nakakaapekto sa ating Ekonomiya. Hindi lamang isang indibidwal, organisasyon, o pamahalaan ang responsable sa pagsagot ng mga pundamental na tanong sa ekonomiks. Sa isang bansang gaya ng Pilipinas, ang karamihan ng desisyong ekonomiko ay ginagawa sa pamamagitan ng pamilihan. Ito ang tatalakayin sa modyul na ito.

May mga araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

Aralin 1: Iba't ibang Istruktura ng Pamilihan

Aralin 2: Iba't ibang uri ng Istruktura ng Pamilihan

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang katangian ng iba't ibang istruktura ng pamilihan
2. Mauunawaan ang iba't ibang istruktura ng pamilihan.; at
3. Mapaghahambing ang iba't ibang uri ng istruktura ng pamilihan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo



## UNANG PAGESUBOK

Bilang panimula, subukin mong sagutan ang paunang pagsusulit na matutunghayan mo sa bahaging ito. Alamin natin ang lawak ng iyong kaalaman hinggil sa mga paksang ating tatalakayin.

**I. Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag sa bawat bilang.

Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Interaksyon ng mamimili at nagbebenta ay nagaganap upang magtakda ng presyo at magpalitan ng produkto at serbisyo.
  - A. Mall
  - B. Ospital
  - C. Pamahalaan
  - D. Pamilihan
2. Pamilihang libu-libo ang mamimili at nagtitinda ng produkto:
  - A. Monopolistikong Kompetisyon
  - B. Monopolyo
  - C. Oligopolyo
  - D. Perpektong Kompetisyon
3. Halaga ng isang produkto sa pera:
  - A. Bayad.
  - B. Buwis.
  - C. Pamasaha
  - D. Presyo
4. Ang kita ay:
  - A. diperensya sa pagitan ng kabuuang benta at ng puhunan sa isang negosyo.
  - B. produktong hindi naipoprodyus nang sapat sa malayang pamilihan at madalas na ipinagkakaloob ng pamahalaan.
  - C. satsipaksyon na nakukuha ng mga konsyumer mula sa pagkonsumo nila ng mga produkto at serbisyo.
  - D. pinakamataas na halaga na nais ibayad ng mga mamimimili para sa partikular na dami ng produkto o serbisyo.

5. Pamilihang may iilang suplayer o tagapagprodyus lamang:
 

A. Monopolistikong kompetisyon	C. Perpektong kompetisyon
B. Monopolyo	D. Oligopolyo
6. Ang industriyang may iisang prodyuser lamang ng produkto o serbisyo na walang malapit na kapalit at ang pagpasok ng mga potensyal na kakompetisyon ay lubhang mahirap:
 

A. Monopolyo	C. Oligopolyo
B. Monopsonyo	D. Perpektong kompetisyon
7. Ang uri ng kumpanya na karaniwang may monopolyo sa pamilihan ay:
  - A. taga-suplay ng kuryente.
  - B. tagagawa ng kotse.
  - C. kumpanyang paliparan.
  - D. malakihang establisimiyentong nagtitingi.
8. Istruktura ng pamilihan na inilalarawan ng kawalan ng kontrol sa presyong mga nagbebenta, maraming magkatulad ngunit pinag-ibang produkto dahil sa tatak, at malayang nakapapasok o nakalalabas ang mga nagbebenta sa industriya:
 

A. Monopolistikong kompetisyon	C. Perpektong kompetisyon
B. Monopolyo	D. Oligopolyo
9. Kung mga identikal na produkto lamang ang ipinagbibili sa pamilihan, ang pamilihang nabanggit ay isang:
 

A. Monopolistikong kompetisyon	C. Perpektong kompetisyon
B. Monopolyo	D. Oligopolyo
10. Ang katumbas ng oligopsonyo ay ang:
 

A. Monopolistikong kompetisyon	C. Perpektong kompetisyon
B. Monopolyo	D. Oligopolyo
11. Ang katumbas ng monopsonyo ay:
 

A. Monopolistikong kompetisyon	C. Perpektong kompetisyon
B. Monopolyo	D. Oligopolyo
12. Ang pamilihang may kartel ay katangian ng isang:
 

A. Monopolistikong kompetisyon	C. Perpektong kompetisyon
B. Monopolyo	D. Oligopolyo
13. Ang uri ng pamilihan na may iisa lamang na mamimili:
 

A. Monopsonyo	C. Monopsonistikong kompetisyon
B. Oligopsonyo	D. Perpektong
14. Ang pagbebenta ng kuryente ng MERALCO lamang ay hailmbawa ng isang
 

A. monopolyo.	C. monopolistikong kompetisyon
B. oligopolyo.	D. perpektong kompetisyon.
15. Ang mga kalahok sa isang pamilihang may perpektong kompetisyon ay gumagamit ng advertising o pag-aanunsyo bilang istrategiya ng pagbebenta. May impluwensya ba ang pag-aanunsyo sa epektibong pagbebenta?
  - A. Mayroon dahil sa pinag-iba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
  - B. Mayroon dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
  - C. Wala dahil sa pinag-iba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
  - D. Wala dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.



## BALIK-TANAW

### GAWAIN 1: PAG-ISIPAN MO!

Panuto: Suriin ang mga sumusunod na mga produkto at punan ang talahanayan. Lagyan ng tsek (✓) kahon sa ilalim ng katangiang mayroon ang produkto. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kuwaderno.

Produkto	Walang kapareho o malapit na pamalit sa pamilihan	May iba pang pamalit na produkto sa pamilihan	Isa lamang ang nagbebenta ng ganitong uri ng produkto	May iba pang nagbebenta ng ganitong uri ng produkto
1. Pepsi				
2. Kuryente				
3. Bigas				



## PAGPAPAKILALA NG ARALIN

### Istruktura ng Pamilihan

Ang dami ng indibidwal o kumpanyang nagbibili at ang lawak ng kontrol ng mga kalahok sa pamilihan – namimili at nagbibili – ang mga salik na nagtatakda ng istruktura nito. Ang perpekto o ganap na kompetisyon (perfect competition) ang itinuturing na pamantayan ng mga istruktura. Ito ang itinuturing na huwarang istruktura sapagkat sa dami ng bilang ng mga kalahok sa pamilihan at sa di mabilang na dami ng identikal na produkto at serbisyo.

### Kompetisyon

May mga produkto tulad ng sabon, sardinas, softdrinks, kape, suka, mantika at iba pa na may maraming produser o gumagawa ng mga produktong ito na nagkokompetensya sa isa't-isa upang makalikha at makapagbenta ng maraming produkto.

### DALAWANG URI NG ISTRAKTURANG PAMPAMILIHAN:

#### A. PAMILIHANG MAY GANAP NA KOMPETISYON

Ayon kay *Paul Krugman at Robin Wells* sa kanilang aklat na *Economics 2nd Edition* (2009), ang pamilihing may ganap na kompetisyon ay may sumusunod na katangian:

- **Maraming maliliit na konsyumer at prodyuser** – Dahil sa marami at maliliit ang konsyumer at prodyuser, walang kakayahan na maimpluwensiyahan ang presyo na papabor sa interes ng sinoman sa pamilihan.

Halimbawa: Mga nagtitinda ng karne, isda, gulay at iba pa.

- **Magkakatulad ang produkto (Homogenous)** – Ito ay nangangahulugang maraming produkto na magkakatulad kung kaya't ang konsyumer ay maraming pagpipilian.

Halimbawa: sabon, shampoo, gatas, kape at iba pa.

- **Malayang paggalaw ng sangkap ng produksiyon** – Dahil walang direktang may kontrol sa mga salik ng produksiyon, maraming mapagkukunan ng mga sangkap para makabuo ng mga produkto.

Halimbawa: mga gamit na gawa sa kahoy.

- **Malayang pagpasok at paglabas sa industriya** – Ang pamilihan partikular na ang sistema ng pagnenegosyo ay bukas sa lahat ng may kapasidad na magbahagi. Walang kakayahan ang mga dating prodyuser na sila ay hadlangan o pagbawalan sa pagpasok sa pamilihan.

Halimbawa: Ang isang tindero ng prutas. Malaya siyang makapagbebenta ng prutas sa palengke sa pamamagitan lamang ng pagbabayad sa kanyang puwesto.

## B. PAMILIHANG MAY HINDI GANAP NA KOMPETISYON

Tinatawag na pamilihang may hindi ganap na kompetisyon ang estruktura kung wala ang anumang kondisyon o katangian na matatagpuan sa pamilihang may ganap na kompetisyon. Sa pangkalahatang paglalarawan, ang lahat ng prodyuser na bumubuo sa ganitong estruktura ay may kapangyarihang maimpluwensiyahan ang presyo sa pamilihan.

### ANYO NG PAMILIHANG MAY HINDI GANAP NA KOMPETISYON SA PANIG NG SUPLAY:

#### MONOPOLYO

Ang istruktura ng pamilihan kung saan na **iisa lamang ang suplayer o prodyuser na nagbebenta** ng mga kakaibang produkto at serbisyo kung kaya't walang pamalit o kahilili. Nakokontrol ng monopolista ang presyo dahil sa;

- Iisa ang nagtitinda
- Walang katulad na kapalit sa produkto nito
- May kakayahang hadlangan ang kalaban



Pinaagmulan:  
<https://tinyurl.com/yyrdmgq7>

Ang mga makikita ninyo sa ibaba ay mga dahilan kung bakit hindi makapasok ang ibang nais na maging bahagi ng industriya na kaparehas sa hanay ng produkto at serbisyong nililikha ng mga monopolista.

**Copyright** ay isang uri ng intellectual property right na tumutukoy sa karapatang pagmamay-ari ng isang tao na maaaring kabilang ang mga akdang pampanitikan (literary works) o akdang pansining (artistic works). Kabilang din dito ang mga gawa gaya ng aklat, musika, paintings, iskultura, at technical drawings.



Pinaagmulan:  
<https://tinyurl.com/yyrdmgq7>

**Patent** ay pumoprotekta sa mga imbentor at kanilang mga imbensyon. Ito ay ipinagkakaloob ng gobyerno sa isang imbentor upang mapagbawalan ang iba na gawin, gamitin, ibenta, iangat, at iluwas ang imbensiyon niya kapalit ng pagsisiwalat sa publiko ng mga detalye ng



**Trademark** ay ang paglalagay ng mga simbolo o marka sa mga produkto at serbisyo na siyang nagsisilbing pagkakakilanlan ng kompanyang may gawa o nagmamay-ari nito.

### **OLIGOPOLYO**

Ito ay isang uri ng estruktura ng pamilihan na may maliit na bilang o iilan lamang na prodyuser ang nagbebenta ng magkakatulad o magkakaugnay na produkto at serbisyo. Iilan sa mga halimbawa ng ganitong uri ng produkto sa pamilihan ay ang semento, bakal, ginto, at petrolyo. Maaari din nilang gawin ang *hoarding* o ang pagtatago ng produkto upang magkulang ang supply sa pamilihan na magdudulot ng pagtaas ng pangkalahatang presyo. Sa ganitong sistema, maaring magkaroon ng pagkontrol o sabwatan ang mga negosyante na tinatawag na *collusion*. Ang kartel ay isang lihim na kasunduan sa pagitang ng mga presyo o sa dami ng produksyon.



Pinagmulan:  
<https://tinurl.com/vxt34vio>  
<https://tinyurl.com/y23j4efn>

### **MONOPOLISTIKONG KOMPETISYON**

Sa ilalim ng ganitong uri ng estruktura ng pamilihan, maraming kalahok na prodyuser ang nagbebenta ng mga produkto sa pamilihan subalit marami rin ang mga konsyumer. Dahil sa *product differentiation*, ang katangian ng mga produkto na ipinagbibili ay magkakaipareho ngunit hindi eksaktong magkakahawig. Ang mga halimbawa ng mga produkto at serbisyonang ipinagkakaloob sa pamilihing may *monopolistic competition* ay ang mga sabong panlaba at pampaligo, toothpaste, kape at marami pang iba.



Pinagmulan:  
<https://tinurl.com/v6e53a3n>  
<https://tinyurl.com/y4pxxh7r>

### **ANYO NG PAMILIHANG MAY HINDI GANAP NA KOMPETISYON SA PANIG NG DEMAND:**

#### **MONOPSONYO**

Sa ganitong uri ng pamilihan, mayroon lamang iisang mamimili ngunit maraming prodyuser ng produkto at serbisyo. Ang mabisang halimbawa ng ganitong anyo ng pamilihan ay ang pamahalaan na nag-iisang kumukuha ng serbisyo at nagpapasahod sa mga pulis, sundalo, bumbero, traffic enforcer, at iba pa. Dahil ang pamahalaan ang nag-iisang kumukuha ng serbisyo ng mga nabanggit bilang empleyado, ito ay may direktang kapangyarihan sa pagtatakda ng halaga ng pasahod sa mga ito.



Pinagmulan:  
<https://tinurl.com/vvbw2on>  
<https://tinyurl.com/y355vd8f>

## MONOPSONISTIKONG KOMPETISYON

Ito ay may malaking bilang ng mamimili na may kakaunting kontrol sa pamilihan. Ito ang katumbas ng monopolistikong kompetisyon sa panig ng demand.



Pinagmulan:  
<https://tinyurl.com/vxd6scot>  
<https://tinyurl.com/y3p3ve9r>

## OLIGOPSONYO

Ito ay isang istruktura ng pamilihan na may kakaunting bilang ng mamimili kaya may malakas na kontrol sa pamilihan. Ito ang katumbas ng oligopoly sa panig ng konsyumer o demand.



Pinagmulan:  
<https://tinyurl.com/y4m8t5mm>



### GAWAIN

#### Gawain 2: Pag-isipan mo!

**I. PANUTO:** Punan ang sumusunod na talahanayan.

Istruktura ng Pamilihan (1)	Dami ng kalahok (2)	Digri ng kontrol sa pamilihan ng bawat indibidwal na kalahok (3)	Uri ng produkto (Identikal o may pagkakaiba) (4)	Dali o Hirap ng pagpasok sa pamilihan (5)
Monopolyo				
Monopolistikong kompetisyon				
Oligopolyo				
Monopsonyo				



### TANDAAN

Lubusan mo na bang naunawaan ang ating aralin? Kung gayon, Magtala ng iba't-ibang produkto at serbisyo at ikategorya mo ito ayon sa uri ng pamilihing nakapaloob sa kahon. Pagkatapos sagutan ang sumusunod na katanungan sa ibaba.

MONOPOLYO	OLIGOPOLYO	MONOPOLISTIKONG KOMPETISYON	MONOPSONYO


**Tanong:**

1. Madali mo bang nasagutan ang gawain na ito? Bakit?

\_\_\_\_\_

2. Sa Kabuuan, ano ang iyong masasabi sa uri ng pamilihang umiiral ngayon?

\_\_\_\_\_



**PAG-ALAM SA  
NATUTUHAN**

**Gawain 3: I Juander!**

Ikaw ay sumama sa pagpunta ng iyong ina sa palengke o di kaya ay magmasid sa mga nangyayaring tawaran sa pagitan ng mga mamimili at nagtitinda. Gumawa ng isang talata at itala mo sa iyong kwaderno ang mga obserbasyon at iyong ilahad kung paano ang presyo ay pinag-usapan at pinagkasunduan ng iyong ina o ng ibang tao bilang mamimili o konsyumer at ng mga tindero at tindera bilang nagbibili. Paano sumang-ayon sa isa't isa ang mg konsyumer at mga tindero/tindera?

<b>Pamantayan sa Pagmamarka</b>	<b>Puntos</b>
Maayos ang paglalahad at pagpapaliwanag ng nilalaman	20
Wastong paggamit ng mga bantas	20
Pangkabuuan Presentasyon	10
<b>Pangkabuuan marka</b>	<b>50</b>



**PANG-WAKAS NA  
PAGSUSULIT**

**Panuto:** Punan ang patlang ng letra ng tamang sagot.

- \_\_\_ 1. Ang pamilihan ay:
- A. pinaglalahakan ng mga surplus na produkto.
  - B. lugar na pinagdadalhan ng mga gulay, bagay at iba pang pagkain.
  - C. isang lugar o gusali lamang na dapat puntahan upang makapamilya
  - D. isang mekanismo ng interaksyon ng mamimili at nagbebenta upang magpalitan ng produkto sa itinakdang presyo.
- \_\_\_ 2. Ang mga prodyuser ay nagpoprodyus ng maraming identikal na mga produkto.
- A. Monopolyo
  - B. Oligopolyo
  - C. Monopolistikong Kompetisyon
  - D. Perpektong Kompetisyon



- \_\_\_ 3. Iisa lamang ang nagbebenta at may kakayanang magdikta ng presyo sa industriya.  
 A. Monopolyo  
 B. Oligopolyo  
 C. Monopolistikong Kompetisyon  
 D. Perpektong Kompetisyon
- \_\_\_ 4. Ito ang mga produkto na ipinagbibili ay magkakapareho ngunit hindi eksaktong magkakahawig.  
 A. Monopolyo  
 B. Oligopolyo  
 C. Monopolistikong Kompetisyon  
 D. Perpektong Kompetisyon
- \_\_\_ 5. Anong anyo ng pamilihan kabilang ang mga bangko?  
 A. Monopolyo  
 B. Oligopolyo  
 C. Monopolistikong Kompetisyon  
 D. Perpektong Kompetisyon
- \_\_\_ 6. Ang MERALCO ang pangunahing pinagkukunan ng suplay ng kuryente sa kalakhang Maynila.  
 A. Monopolyo  
 B. Oligopolyo  
 C. Monopolistikong Kompetisyon  
 D. Perpektong Kompetisyon
- \_\_\_ 7. Ang mga kumpanyang MAYNILAD at MWSS ay pangunahing suplayer ng tubig sa kalakhang Maynila  
 A. Monopolyo  
 B. Oligopolyo  
 C. Monopolistikong Kompetisyon  
 D. Perpektong Kompetisyon
- \_\_\_ 8. Isa sa sikat na Fast Food Chain sa bansa ay ang Jollibee.  
 A. Monopolyo  
 B. Oligopolyo  
 C. Monopolistikong Kompetisyon  
 D. Perpektong Kompetisyon
- \_\_\_ 9. Ang Petron ay ilan lamang sa mga malalaking korporasyon ng langis sa bansa.  
 A. Monopolyo  
 B. Oligopolyo  
 C. Monopolistikong Kompetisyon  
 D. Perpektong Kompetisyon
- \_\_\_ 10. Malayang nakapapasok ang mga bagong suplayer o prodyuser sa merkado.  
 A. Monopolyo  
 B. Oligopolyo  
 C. Monopolistikong Kompetisyon  
 D. Perpektong Kompetisyon

**Panuto:** Alin sa mga sumusunod ang katangian ng oligopolyo?

Piliin kung **Oo o Hindi** ang iyong kasagutan. Bilugan ang iyong sagot.

- |   |          |
|---|----------|
| 1. Kakaunti ang mga kalahok at may relatibong impluwensya ang bawat isa sa industriya.                                      | Oo/Hindi |
| 2. Kakaunti lamang, kung meron man, ang mga balakid para sa pagpasok ng mga bagong suplayer at prodyuser.                   | Oo/Hindi |
| 3. Ang mga oligopolista ay nagpoprodyus ng identikal may pinag-ibang mga produkto at serbisyo                               | Oo/Hindi |
| 4. Ang mga sumusunod ay iba pang istruktura ng pamilihan: monopsonyo, monopsonistikong kompetisyon, at oligopsonyo. Ang mga | Oo/Hindi |

nabanggit ay batay sa panig ng demand

5. Ang MERALCO ay isang monopsonista.

Oo/Hindi

**Sanggunian:**

<https://tinyurl.com/yyrdmgq7>  
<https://tinyurl.com/yxgdmfpl>  
<https://tinyurl.com/y2fejtr6>  
<https://tinyurl.com/yxt34yjo>  
<https://tinyurl.com/y23j4fn>  
<https://tinyurl.com/y6e53q3n>

<https://tinyurl.com/y4pxxh7r>  
<https://tinyurl.com/yybhw2op>  
<https://tinyurl.com/y355vd8f>  
<https://tinyurl.com/yxd6scot>  
<https://tinyurl.com/y3p3ve9r>  
<https://tinyurl.com/y4m8t5mm>

- Project EASE Module 7 Pamilihan
- Del Rosario, Glenda P. at Forneste, Gloria Ramos, Kleafs Publishing, Araling Panlipunan 9. "Ang Pamilihan at Istraktura". 2018.
- Bon, Charo B. at Bon, Rosa Belle B., JO-ES Publishing House, Inc., Ekonomiks sa Makabagong Panahon. "Pamilihan". 2015

1)D, 2)D, 3)A, 4)C, 5)D, 6)A, 7)D, 8)B, 9)B, 10)B, 11)O, 12)HNDI, 13)O, 14)O, 15)O

Pangwakas na pagsusuli:

1)C, 2)D, 3)D, 4)A, 5)D, 6)A, 7)A, 8)A, 9)C, 10)D, 11)B, 12)D, 13)A, 14)A, 15)D

Panang Pagsubok: